

Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

TALK TO THE PEOPLE OF PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE

[11 April 2022]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Maayong gabii sa inyo diha (Good evening to all of you there) sa panel. Ma'am, Undersecretary Vergeire; and you have Secretary Galvez; and Secretary Año here; si Usec. Jalad would brief us sa Storm Agaton; then sa `yung Chairperson ng MMDA, nandiyan ba si Artes? Ah yeah.

Magandang gabi sa ating mga kababayan. We are — or I am on the homestretch sa ating mga programa, one of the few na makausap ko kayo nationwide, and we would like you to know that we are ready to answer all your questions about governance namin habang nandito pa ako. I can open up even `yung — hindi naman sikreto but what we had to do because we had to do it because `yun ang trabaho natin.

So we will start with the itong ano, let me just lay the predicate for her report. Alam mo, there's a distinct possibility that there will be another surge. Maybe not the COVID-19 the original — we have met that challenge with the vaccination — but itong mga variants. And we do not know if the variants would really be powerful or weak as to put us again in the bind.

But this time we have, I said, the original vaccine for COVID-19 and it covers all mutants and variants there are. Pero itong Omicron something "X" o may code number, hindi ko naman mine-memorize `yun, it seems to be appearing in the horizon again sa surveillance ng ating medical people.

And let me remind you about the warning of Secretary Duque that — hindi naman, we don't go into a nervous state but we just have to be very careful and I'd like you to maintain `yung mga protocols na which have been proven to help us a lot in combating the virus. So `yan ang importante ngayon kasi unahin natin.

Remember that COVID is here to stay. It becomes irrelevant, hindi na natin takutan `yan — hindi na tayo matatakot. Everybody is vaccinated and we do

not have to worry about contamination again because each body is fighting the virus. Pero kung mayroon pang sabi nila a good number of Filipinos na hindi pa nabakunahan... Hindi naman ako na lumuluhod na sa inyo, but I do not want to sound ano, gusto ko lang makiusap again na it's a good vaccine.

Now, I have a worry, at mabuti nandito si Vergeire. Sabi ni — ngayon ni Secretary Galvez pati ni Secretary Año that we have a low turnout sa Cotabato. I mean Cotabato, the provinces there, 'yung... [Sec. Año: Sa BARMM, buong BARMM.] Ah buong BARMM?

Mga kapatid ko na Muslim pati 'yung the guys running the BARMM, I'd like also to appeal to Chairman, si Murad, na kindly give a little push for the people there to get vaccinated. You know, it's science. It has been studied, experiments were conducted hindi lang dito sa atin pati sa labas. As a matter of fact, it was a concerted effort during the pandemic. It's slowing down but it's still there.

So let me just appeal to everybody: get vaccinated or else we will not be able to solve the problem because 'yung nabakunahan na, there is always the distinct possibility of ma-contaminate sila ulit. There is no guarantee that there's — it's not even a 90 percent guarantee that you will be immune from this virus.

And ang problema may — itong animal na itong COVID, naga-sprout, sprouting into one after the other. Ang problema hindi natin alam there is actually no way of telling until it's here, there, here sa atin malaman natin kung may magkasakit na whether it is really a, I said, vicious living organism or just like the others, 'yung Omicron.

Buti sana itong mga ito, kung ano-ano lang mga — like the Omicron 'yung general noon, okay lang 'yun. Pero ang problema 'yung mga variants. There is no way of really telling in advance whether we'll be hit hard or pangkaraniwan na lang 'yung sabi parang may trangkaso. Kung ganoon, okay lang. Mga Biogestic-Biogestic man lang 'yan to control the fever. Pero kung ano...

Kaya makinig na lang tayo kay Undersecretary Maria Rosario Vergeire. Ma'am, magandang gabi po. You can proceed, you have the first slot.

DOH UNDERSECRETARY MARIA ROSARIO VERGEIRE: Magandang gabi po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Yes, ma'am.

USEC. VERGEIRE: And to all of the officials present, maraming salamat po. Nandito po ako on behalf of Secretary Francisco T. Duque III para magbigay po ng ulat ukol sa panibagong updates natin for COVID-19, tungkol po doon sa Typhoon Agaton response efforts, at saka ilang paalala lang po sa parating na Semana Santa.

[Can we have the next slide, please?]

So nito pong nakalipas na April 5 to 11, 2022 may nadagdag po tayo na 1,903 na bagong kaso o katumbas po nito ng halos 271 na kaso kada araw. So the seven-day moving average here in the country is now at 271 cases per day. Mas mababa po ito kumpara sa naitalang kaso para sa March 29 hanggang April 4 of 2022 na dati po, noong isang linggo, 2,565 cases ang naitala at mayroon po tayong 366 daily average cases.

Sa 1,903 na karagdagang kaso sa linggong ito, 703 po ay mula sa National Capital Region; 280 galing sa Region IV-A; 197 naman galing sa Region III; at 723 sa mga natitira pang ibang rehiyon. Walang nadagdag na severe or critical case sa ating talaan habang 414 naman po ang bilang ng mga karagdagang na-verify na mga namatay para sa linggong ito.

Pero gusto ko lang hong sabihin na ito pong 414 ay hindi po lahat namatay sa panahong ito. Mga na-verify po natin ito at mga nangyari noong nakaraang buwan, so kakaunti lang po ang naitala natin for this month.

Ang current cumulative case fatality rate po natin ay 1.62 percent. Nakapagtala rin po tayo ng 9,302 recoveries para sa linggong ito. At sa kabuuan, 97.63 percent ang pambansang cumulative recovery rate.

Para sa ating national utilization rates, nasa 16.4 percent po ang ating non-ICU bed utilization habang nasa 18.4 percent ang ICU bed utilization rate. Out of the 5,599 total COVID-19 admissions at the national level, 12.6 percent lamang po dito ang severe at critical cases.

At panghuli, ang atin pong national seven-day moving average positivity rate ay kasalukuyang nasa 1.6 percent na lamang nitong April 4 to April 10 habang ang atin pong daily RT-PCR testing output ay kasalukuyang nasa 20,114 tests kada araw.

Sa dakong kanan po ng slide, nariyan po ang mga areas na nakakapag-ambag ng mas mataas na bilang ng mga kaso kumpara sa iba pang lugar sa ating bansa ngayong linggo. Ang NCR ang nakapagtala ng pinakamataas na kaso para sa April 5 hanggang 11 na naga-average po sila, at ito pong 703 ay isang linggong talaan ng kanilang mga kaso.

Para naman po sa susunod na slide na ito, Mr. President, magbibigay lang ho kami ng update hinggil sa ating pagtugon sa tropical depression and now a storm na si Agaton.

Sa kasalukuyan po, mayroon po tayong 6.1 million plus na naihanda na na puwede na pong magamit ng ating mga Regions V, VI, VII, VIII, at X para po sa pagbili ng mga gamot, iba pang kagamitang medikal, mga health kits, at saka personal protective equipment at iba pa hong COVID supplies.

Samantalang suma total po na 55.7 million plus naman ang readily available na logistical provisions sa ating mga warehouses ng Regions V, VI, VIII, at X kung sakaling kakailanganin po ito para sa pagtugon sa pinsalang maaaring maidulot ni Agaton.

[Next slide, please.]

At panghuli po, nais po naming kunin ang pagkakataon na ito, Mr. President, upang maghatid lang po ng ibang paalala para sa paparating — o ngayon pong Semana Santa.

Bagama't alam po namin na marami sa atin ang tunay na deboto at may panata, kung maaari pa lang po sana maiwasan natin ang mga aktibidades kagaya ng pagpepenitensya sa paraan nang pagpapako sa krus at iba pa ho upang maiwasan natin ang tetanus at pagkakaroon ng sugat at impeksiyon.

Pinapayuhan din po ng Kagawaran ng Kalusugan ang publiko na iwasan ang paghalik sa mga santo at santa at iba pang imahen o poon sa ating mga simbahan dahil maaari po itong maging paraan ng pagkalat ng virus.

Panghuli, patuloy pa rin po tayo maging bida sa pagsunod natin sa ating minimum public health standards.

- B. Always wear best fitted masks;
- I. Isolate when you are sick;
- D. Doubling up protection with our vaccines; and
- A. Lagi po nating sisiguraduhin that there is good airflow.

Manatiling ligtas po tayo habang atin pong pina-practice ang minimum public health standards ngayong Semana Santa.

So sa kabuuan, Mr. President, --- [*next slide, please*] --- patuloy ngunit mabagal na po ang pagbaba ng ating mga kaso dito sa ating bansa. Gayunpaman, nananatili po tayong nasa minimal risk ang ating case classification at nasa low risk naman po ang ating healthcare utilization rates.

Makakaasa rin po kayong patuloy ang pakikipag-ugnayan sa pagpapaabot ng tulong po ng Kagawaran ng Kalusugan sa mga centers for health development at local government units natin partikular na po sa apektado ng Bagyong Agaton.

At panghuli, paalala po ng Kagawaran ng Kalusugan na kung maaari ay maiwasan ng ating mga kababayan ang paghawak at paghalik sa mga imahen ngayong Semana Santa.

Paalala rin na patuloy po nating masunod ang minimum public health standards habang isinasagawa po natin ang ating pananampalataya ngayong Semana Santa.

Ito lamang po ang ating report, Mr. President. Sa ngalan po ng aming kalihim, Mr. Francisco T. Duque III, nakahanda na po kaming tumugon sa anumang katanungan po. Maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Ma'am, I have one question. Itong sa — I think it's in Japan or Singapore and even China, may resurgence sila sa itong virus. Nababasa ko lang naman. I don't know if you know about it but there,

apparently, may resurgence doon sa mga places na ang akala natin nauna pa nga sa atin. We came in very late because of walang vaccine. So kung totoo — hindi ko sabihin totoo ito o hindi, but if it is — if you have read about it or maybe you — it's known to you, kindly tell us bakit may resurgence sila.

USEC. VERGEIRE: For these previous weeks, for these past weeks, mayroon hong mga pagtaas ng kaso sa iba't ibang lugar sa buong mundo. It started off in Europe kung saan biglang tumaas po uli ang kanilang kaso. At natagpuan po doon sa bansang ito sa Europa, sa mga bansang ito, ang kumakalat po ay 'yung sublineage ng Omicron na BA.2. Sumunod din po dito 'yung ating mga kapitbahay na mga bansa katulad po ng Hong Kong, South Korea, also in other countries kung saan BA.2 rin po 'yung sublineage ang kumakalat sa kanila.

Ang Omicron po, Mr. President, may dalawa po siya o tatlo na sublineages. Ibig sabihin, parang mga anak niya po ito kung saan dito po sa ating bansa nag-umpisa po tayo na nagkaroon na tayo ng BA.2. Mas naging predominant po sa ating bansa noong January to March ang BA.2 kung saan ito naman po ang kumakalat doon sa ibang bansa. Kaya sinasabi po ng mga eksperto natin na we are blessed because we were able to overcome already at natapos 'yung challenge ng BA.2 dito sa ating bansa.

Doon po sa ibang bansa katulad ng Hong Kong po, nahihirapan po ngayon ang kanilang sistema dahil marami po sa kanilang mga nakakatanda ay hindi bakunado kaya po na-overwhelm 'yung kanilang hospital healthcare system. Doon naman po sa UK, mayroon ho silang biglaang pagtanggap ng mga restrictions po nila. Nagtanggap na rin po sila ng mga mask mandates nila kaya po biglang bumulusok ang mga sakit sa kanila. Tumaas uli ang mga sakit 'no kaya po sila ay — ngayon po, nagkakaroon po ng mga pagtaas ng kaso.

Dito po sa atin, Mr. President, because of all of the activities that are happening, the campaign sorties, mayroon po tayong Semana Santa, so ngayon po, patuloy po tayong nagbibigay ng paalala sa ating mga kababayan dahil the possibility of having another increase or rise in the number of cases ay hindi po malayo 'no. Maaari pong mangyari kung patuloy pong magkakaroon ng mga ganitong activities at hindi po magkakaroon ng pag-comply sa ating mga safety protocols, and doon po sa ibang areas kasi mababa po talaga ang bakunahan.

So `yun po, Mr. President, ang ating sitwasyon sa ibang bansa ngayon.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you.

And if I may add, actually it's a — 'yung complacent — 'yung ano, 'yung complacent na siguro sila, ma'am, dahil nga it was a reckless move to not — to stop urging people to wear masks and 'yung attitude nila.

Pero tayo dito, sabihin ko lang na hindi pa — hindi tayo mayaman, we cannot hardly afford to meet another wave of pandemic. Maybe the second, the third, or this would mean maybe the third wave ng itong the original COVID-19. Iyan eh, complacent sila.

Pero para sa atin, I'd like to just remind the people that itong pangbakuna at 'yung protocols natin na maghugas ng kamay, ang alcohol or whatever, as long as there is 'yung mag-sanitize ng kamay because kung saan-saan pumunta 'yan eh.

And ako, I'll just state my case na hindi — there is no way that masks will not be required. It will be a part of the protocol for a long time until the last day of my office. Iyan ang order ko at `yan ang sundin ninyo.

Balang araw, well, hindi ko na problema `yan but I'm just advising ang ating mga kababayan na it is really important... We are not out of the woods actually. We are still in a bind. One is that wala ngang... Kaya nga pupunta bukas sa — si Secretary Galvez will go to Cotabato and Sultan Kudarat at tingnan 'yung lalo na sa BARMM, and to talk personally to the officials sa BARMM na this is science, it has nothing to do with na paniwala mo. This has been proven to be true and correct.

Wala itong sasabihin mo na may mga superstitions na a foreign body. Of course, it is a foreign body that would enter your body. But that is to warn you, ang antibodies mo to wake them up and alert that there's an enemy

coming inside the — `yung malakas `yung constitution nila, maybe, but not all really are in the — on top of the --- in the pink of health.

So pupunta bukas si Secretary Galvez. He will talk to the BARMM at kung nakikinig kayong mga taga-BARMM officials, you are part of government, `yun ang ginusto ninyo, nag-postpone tayo ng election. So you are bound by what the government say.

Now, if it is — I don't know if it's ignorance or it is really a matter of culture, sabihin mo sa kanila that we honor the culture but when it comes to a head sa ginagawa natin, what we are doing to protect the entire nation, your reluctance or your maybe lack of interest to be vaccinated, it does not, in my book, a valid reason na ayaw ninyo.

BARMM officials, nasa gobyerno kayo, you opted to be active still until the next election for your places there sa BARMM territory. Eh ginusto ninyo `yan, sumunod kayo. So I'm asking — I'm ordering you, as a matter of fact, to really push the people to take the vaccine because it protects everybody. And your reluctance or your — I don't know what's anong paniwala ninyo diyan will just — will not erase the...

Kasi itong COVID ho, you can — hindi ito kagaya — it is not clear. You will have the antibodies, of course, if you have the vaccines. Pero it is not clear whether or not you are totally free. You might have some defenses but well hindi pa kla — it is not clear to me and to, well, a lot of people including the doctors, na `pag nabakunahan kayo then you have the antibodies it is not a guarantee — the vaccine — that you will not get reinfected.

So `yan ang inaano ko. Iyan ang habulin natin because kung pagka ganito na mag-surge na naman tayo... You have — we have so many crowds lately, religious, political, at makita mo dikit-dikit `yung tao. And the medical experts, or the doctors even, are really worried about the closeness of human beings with each other — I mean physical kasi baka magpuputok na naman ang surge. Sayang ang pera, bilyon ang inano natin.

Now, the money `yung naiwan, ibinalik na `yun sa Treasury. Huwag kayong maniwala na `yung... Alam mo ang pulitiko lalo na ngayon. Ngayon hindi sila nagdadaldal. Wala, walang nagdadaldal ang p** — na itong bakunado, kung

ano-ano, kasi pang-pulitika lang 'yun. Eh ngayon, kung magdaldal sila ng ganoon, takot sila kagaya sa akin, kung daldal ka dito nang daldal doon tapos hindi — eh mumurahin kita. And you won't that — you won't enjoy it.

Kagaya kay Gordon, magsabi ako, "*P***** i**, magnanakaw ka,*" you do not want it. But if you want to engage me in a debate in public, okay, I will. I have the — I have your case number, Mr. Gordon, at nakita ko 'yung — nakita ko 'yung nagsalita ka. Nakita ba ninyo 'yun? Nasaan na 'yung pulis? Nagsasalita siya sa stage.

Kaya kung magpunta kayo sa mga rally nandiyan si Gordon, magdala kayo ng payong. It's circulating around, nag-i-speech siya, tapos 'yung kumukuha ng video nandito talaga sa harap niya sa baba. At makita mo 'yung laway ng buang parang umuulan. Makikita mo talaga 'yung — hindi ako naniwala kasi ang laway ano eh. Pero get hold of that clip sa ano, video, para makita mo na how a stupid guy can rain saliva on the people he is facing.

So ang next natin dito... Well, one, Secretary Galvez is doing there — ah going there because of the BARMM low out — low turnout sa ano, low turnout sa vaccines. And second, of course, I am not projecting anything but just to also report to us, to the Cabinet, about the situation of law and order in that place.

Secretary Galvez, you can proceed. Ah, Secretary Año, I'm sorry.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: Sir, isa po sa ating panuntunan o guidelines sa IATF sa religious services, anuman pong antas ng alert level, ang dapat po na papayagan papasok sa mga religious services na indoors po ay bakunado. Lahat po ng ating mga religious groups ay sumusunod po.

So atin pong ipatutupad sa BARMM area na `yung mga magsasamba po sa mga mosque dapat ay bakunado. So we will instruct the Philippine National Police to coordinate with BARMM officials for the implementation of these IATF guidelines para po protektado talaga `yung mga kapatid nating Muslim na sumasamba sa mosque, mga bakunado lang po `yung papapasukin.

PRESIDENT DUTERTE: We go now to the National Vaccination Program. Secretary Galvez.

NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER AND VACCINE CZAR CARLITO

GALVEZ JR.: Permission to remove my mask, sir. Sir, Mr. President; Senator Bong Go; fellow Cabinet members; mga kababayan ko, magandang gabi po.

Ngayong gabi po ay magbibigay po tayo ng updates sa ating National Vaccination Program. Mr. President, thank you po for pitching for the improving the vaccination of the BARMM kasi talaga pong sa lahat po ng region, ang BARMM at saka `yung Region XII po ang napakababa na wala pa po talaga sa 50 percent, so — in fact, 20 percent pa lang po ang kanilang fully vaccinated.

So nakakaano po, nakakabahala po dahil kasi ganoon po ang nangyayari sa Hong Kong na `yung mga kanilang mga tinatawag na senior citizens ay less than 30 percent po na bakunado. So pagka po nagkaroon ng surge, mahihirapan po ang ano, ang BARMM kung just in case sa kanila po tumama `yung tinatawag nating pandemic.

[Next slide, please.]

Tayo po ay nasa ika-14 na buwan ng ating malawakang pagbabakuna sa buong bansa. At ayon sa ating mga datos ay mayroon na po tayong 244.6 million na na-deliver na po at na-acquire po natin na mga vaccines. At 144 million po dito ay naiturok na po natin sa mga braso ng ating mga kababayan.

Sa total po na na-deliver, mahigit na 133.7 million ang nabili po ng national government. Almost 74 million naman po ang donation ng COVAX at ng iba-ibang bansa. At 24.4 million naman po ang procured ng private sector at ng LGU. At lastly, 12.5 million naman ang bigay ng ating mga friendly nations, like Japan and also other countries.

At makikita po natin na malaking bahagi sa mga nabili po at donations po natin ay ang Pfizer, Sinovac, AstraZeneca at Moderna. Makikita po natin dito

sa ating graph na malaki ang nakuha po natin through our acquisition and donation po ng US, ito pong Pfizer. At 56 million po ang nakuha nating Sinovac; `yung AstraZeneca, 38 million; Moderna, 34 million; Johnson & Johnson, ito po karamihan po dito donation, 12.7 [million]; and then Sputnik, 10 million po.

Kung titingnan po natin din ang monthly vaccination output or rate, nakikita rin po natin, Mr. President, na talagang medyo nakababahala po dahil kasi sa up — since November na nai-report ko na po na 27 million po ang pinakataas natin na vaccination, nakikita po natin na pababa po nang pababa.

Ngayong Abril po, dahil kasi nakita po natin marami pong mga mahahalagang mangyayari po dito, dahil ang buwan ng April ito po ang buwan ng Holy Ramadan, at the same time, ngayon din po ang Holy Week. And ito po rin — ganito rin — sa Abril din po ang kainitan ng tinatawag nating mga election rallies na karamihan sa ating mga LGUs at ang ating mga national candidates ay talagang mga busy po na sa kanilang pag-ano, pagra-rally.

At ito po ay nakikita po natin na itong mga dahilan pong ito, `yung Ramadan, `yung Holy Week, and also `yung election rallies, ay talagang magpapababa

sa ating pagbabakuna dahil ang atensiyon po ng mga LGUs ay nandoon na po sa election at saka mga tinatawag nating mga holy celebration po natin.

[Next slide, please.]

Sa ating assessment, sa pagbabakuna by age group, ay makikita po natin, Mr. President, na may relatively high coverage po tayo sa ating 18 to 59. Ito po 18 to 59, nakikita po natin sa ating mga seniors ay mayroon din po tayo na mataas na coverage na between 94 million dito sa 18 to 59, at mayroon naman po tayo na almost 80 percent dito sa ating 60 years old and above.

Salamat sa ating mga dedicated na mga doctors, nurses, vaccinators, encoders and other medical clinics and pharmacies sa inyong walang pagod na pagbabahay-bahay at paghahanap ng ating mga seniors at may tinatawag nating may comorbidities.

Mr. President, ito po ang dahilan kung bakit napakaganda po ng ating sitwasyon ngayong mga araw na ang lahat ng mga lugar na nasa minimal risk na po tayo lahat. So makikita po natin sa lahat ng ibang bansa sa Southeast Asia at sa Viet Nam ay mayroon silang more or less 1.5 na active cases pero sa atin po mababa po ang ating mga cases dahil nakikita po natin

na sobrang taas po ng ating tinatawag na coverage na 94 percent. At almost 80 percent dito po sa mga seniors po natin.

Maganda rin po ang ating coverage sa 12 and 17 na sinimulan po natin.

Napakaganda po ang mga datos po natin na more or less 86.36 percent po ang ating mga datos. Ang atin pong mga individual with least first dose, mayroon na po tayong almost 80 percent na rin po. At ang individual with second dose or 'yung fully vaccinated, mayroon na po tayong 74 percent.

Ang medyo nababahala lang po tayo, Mr. President, considering na may waning effect po ang vaccine na after three months may waning effect po siya ay ang ating booster dose ay mapa — medyo lubhang mababa pa po, nasa 17 percent pa po ang ating third dose na more or less 12 million na nagsimula po tayo November, medyo mababa po ito, Mr. President.

[Next slide, please.]

Sir, ito po 'yung sinasabi ko po kanina, kung makikita po natin, na 'yung BARMM talagang napaka nakakabahala kasi kung titingnan po natin 27.31 percent lang po ang kanyang fully coverage.

Kung makikita po natin ang total population niyo pa — ng ano po, ng ating BARMM is 4.3 million. Pero ho, Mr. President, kung titingnan po natin ang kanyang fully vaccinated is only 960. Meaning, mayroon pong mahigit na 3.5 million pa po, Mr. President, ang hindi pa po nababakunahan.

So `yun po ang nakakabahala kasi pagka tumama po talaga sa BARMM, katulad po ng Hong Kong ay maaaring maapektuhan po ang BARMM. Lalong-lalo na po napakababa po ng ano ng tinatawag na healthcare facilities po ng BARMM. Kakaunti lang po ang magagandang ospital diyan, `yung Amai Pakpak lang po ang maganda na ospital diyan at saka `yung Cotabato Medical Center.

So `yun po ang aming kinababahala kaya po kami sa DOH at saka sa NTF, nagkaroon po kami ng series ng mga workshop at saka writeshop dito po sa Manila at dito po sa Baguio para tutukan po talaga itong BARMM area. At kami po ng DOH, `yung team po ni Usec. Myrna ay maipapadala rin po na kasama namin bukas para po talaga maalalayan ang lahat po ng ano, ng mga doctors na — at ang mga nurses at saka mga vaccinators, doon po sa BARMM.

Actually, napakaano po, napakadedika — dedicated din po ng mga ano, ng mga nurses and doctors nila, talagang ang BARMM lang po talaga

napakahirap po ng ano, ng kanilang sitwasyon dahil kasi marami pong naniniwala sa fake news, marami pong naniniwala sa disinformation.

At saka 'yung iba po sinasabi po ng mga matatanda na 70 years old na ako hindi pa ako nababakunahan, ngayon pa ako magpapabakuna? So 'yun po 'yung mga sitwasyon na ano na talagang reyalidad na napakahirap din po na kumbinsihin 'yung ano, 'yung mga tao sa BARMM.

Pero dahil po sa pagpi-pitch in niyo po na sa inyong advice, we are expecting na baka po makumbinsi po 'yung mga iba, karamihan po na makapagbakuna, Mr. President. So tututukan po namin ang BARMM, Mr. President.

[Next slide, please.]

So ito po ang mga strategies na gagawin po natin, these will be our strategies in order to increase our demand and vaccine uptake. At the same time, we ano, we ensure that added wall of protection will be achieved and sustained.

So the NVOC and the DOH will be patient to seek the remaining 20 percent of our seniors, this comprises 1.8 million. So kaunti na lang po, dati po ito

2.5 million po ang hinahanap natin na mga seniors. Pero dahil po sa pagpupursige ng ating DOH at saka ating mga vaccinators, pinupuntahan po sila sa bahay-bahay.

At dito po rin po sa ano, sa ano po natin last Friday, naghain na po ng recommendation ang DOH na magkaroon po ng tinatawag na amendment sa EUA para po magkaroon ng boosters na rin po `yung 12 and 17. Pagka naaprubahan po ito, may additional 10 million na po tayo na mga added na demand.

And at the same time, kasama rin po `yung recommendation ng DOH at saka ng ating vaccine expert, `yung second boosters for vulnerable sectors, including po dito `yung mga seniors, `yung mga healthcare workers, ang mga frontliners at same time `yung mga people with comorbidities.

Kung magkakaroon po ng approval ng FDA po ito, more or less additional 25 to 30 million added demand ang mailalagay po dito, tataas po ngayon ang magiging output po natin.

Ang number four ano po natin strategy is to accelerate `yung pediatric vaccination. So we still have remaining 15.5 million na 5 to 11. And then also, our effort is also to improve the provision of boosters for the general

public. So more or less mayroon pa po tayong 40 million na dapat ma-booster.

And then lastly, `yung sinasabi po namin nga, Mr. President, na we will improve the vaccine coverage of BARMM at saka `yung Region XII.

Pagtutulong-tulongan po namin ito kasama po ang Region IX, Region X at saka po `yung other adjacent regions. Pati na po `yung Metro Manila, tutulong na rin po.

[Next slide, please. Next slide, please.]

So, Mr. President, last April 6 and 8, 2022, last week, we have an extensive writeshop initiated by the WHO, DOH, and the DILG, and the National Task Force. This is to ensure that our ongoing massive vaccination will continue and we will be more aggressive to ensure that all people will have their protection, enough protection.

Ang sinasabi pa po natin, Mr. President, na wala po tayong maiiwan at walang iiwanan. The NVOC and the DOH is very committed to sustain our initial success. Ang ano po namin nito na ang ginawa po natin maggagawa po tayo ng dokumento para mai-transfer po natin sa next administration.

Kasi halfway po, Mr. President, kailangan continuous pa rin po ang vaccination natin even beyond our administration.

Iyong initial success po natin, Mr. President, ay ilalagay po natin sa libro para may playbook na po ang susunod na administrasyon. Iyon lang po, Mr. President, at maraming-maraming salamat po sa inyong pamumuno at kami po ay napakasaya dahil kasi po `yung announcement niyo po ngayon ay talagang bibigyan po natin ng halaga `yung pamumuno po ng BARMM para po magkaroon tayo ng massive vaccination po sa kanila.

Maraming salamat po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: You know, sir, with the advent of itong sa telecommunications pati na `yung individual na — individual person na halos lahat may hawak ng cellphone, madali magbigay ng — well, something of an advisory para sa lahat lalo na kung galing sa gobyerno.

Ngayon, the problem is, I said, with the advent of the new gadgets available in the hands of the ordinary person, he can also participate in the social order making news available or whatever there is — whatever there is a need for somebody or everybody to know. Ang problema kasi itong false news. Madali ring — it can spread immediately and ang prob — kung ang — the problem is may mga taong naniniwala.

So wala `yung mga caveat, there is no warning basta mabasa lang nila ganoon na ganoon. Alam mo, I said, I hope that I am addressing the entire nation kasi mahalaga ito sa buhay natin. You know, hindi namin makontrol `yung mga fake news either a private communication or against government. There is no way that we can really go — panic, hatred, especially `yung mga kalaban ng gobyerno for example the Communist Party of the Philippines. They have been feeding the public with kung ano-anong kasinungalingan.

Ang hinihingi ko lang ho sa inyo, I said, I am on my last stretch so I can only give you the things that would make this country better for everybody. Kung gusto ninyong malaman kung anong totoo, if it is about governance and ang trabaho namin, maghintay lang kayo kagaya sa a very active communicator, si Undersecretary Vergeire. She has appeared almost everyday since the pandemic, it has been about two years plus now. Nandito si Secretary Andanar, o kami, kaya itong "Talk to the People" para malaman ninyo kung ano `yung policy, ano `yung ginagawa namin at totoo ba itong mga balita kagaya niyang mga expire `yung vaccine na itatapon na lang. Huwag kayong maniwala niyan kasi `yung in-order natin para sa lahat tamang-tama lang para sa nakakaraming Pilipino.

So ang projection is one vaccine for one person. Now ngayon kung it turns out that may grupo, about a million plus ayaw magpabakuna, do not blame anybody kung ang... And I'd like also to add, kaming — `yung mga kapatid ko na Muslim, alam mo the first to order the vaccines or way ahead than the others `yung mga Muslims ng Middle East. United Arab Emirates was one; Dubai, nabili na kaagad nila, may pera sila.

Tayo nagkaroon tayo ng pera pero naka-order tayo wala man tayong pangdeposito noon but we were able to get it late. Kaya itong mga fake news nitong mga tao na ito na late as late. You stupid guys there out there. Pag-umpisa natin when I constituted the Task Force and appointed Secretary Galvez as the sole person who can transact in the matter of getting the vaccines. Number one, para talaga `yang maalís `yung graft and corruption so sa kanya lang talaga ako. Alam ko kung dadaan ng layers. I'm not trying to attribute it to the suspicion to anybody. But it is really a very sad commentary sa panahon natin na pagka dumaan sa bureaucracy tapos ilang mesa `yan, it's either the tamad hindi trabahuin kaagad, you cannot hurry them up and it gets to be delayed and delayed and delayed or corruption will enter into the picture.

So kagaya ko, isang tao lang ang sabi ko para gusto kong malaman sa iyo kaagad. At sabi ko kaya ikaw lang kasi ayaw ko ng corruption. Iyon ang totoo diyan bakit solely siya `yung kingpin and bakit hindi ko — hindi wala akong, wala akong... Ito, hindi lang sa — not even the Department of Health. Far from it even sa negotiation pa lang, so ang `yung procurement diyan magkaleche-leche na and alam ko na somehow, somewhere corruption will enter into the picture.

For that reason, actually, ever conscious ako diyan especially `yung vaccine because it was a very import — it's an important ingredient now sa ating

buhay. Sa part — nag-ano tayo, nag — pinalawak ko pero sa isang tao lang. All the others, Secretary Año and si Secretary Lorenzana.

Sabihin ko na sa inyo, magalit man kayo o hindi, I choose the military men because maprangkahan ko sila. Isa lang eh. Eh kung doon ako sa ibang bureaucracy, makiusap ako sa isa't isa. Dito sa military `pag sinabi ko — tinawag ko si — itong tatlo, Lorenzana, Galvez and Año, sabi ko na kayo ang mag-ano, si Galvez lang ang magpirma pero all others it should be you. Nilagay ko si Secretary Lorenzana. Iyon talaga, sila `yung tatlo nagpalakad ng ano.

So `wag kayong maniwala na may corruption. Kaya ko ginawa `yan ibinigay ko sa tatlong military kasi ayaw ko ng corruption. Alam mo, itong military masabihan mo. Gawain mo `yan, walang corruption. Period. That is my order to you. Sunod ka. Pero `yung bureaucracy, susmaryosep .

Even on the stages lang of negotiation, far from — hindi `yung kaagad na department, far from it actually. Iyong tao ang hindi ko maano, hindi ako... Kaya tinawag ko `yung isang nag-retire sa Davao, si --- `yung doktor, `tong akong gibutang sa... Ha? [*Senator Go: Vega.*] Vega. Makita ninyo `yung hospital ng Davao Medical Center basta for Southern Philippines. Tingnan ninyo ang ano, tingnan ninyo ang... It's almost like a private hospital. Iyan. At saka `yung pinakamagandang ospital nakita ko. Nakita na ba ninyo `yung ospital ng — tapos na, ginawa ko sa — pinagawa ko `yan sa likod ng Malacañan, sa barracks?

Mas maganda pa sa — mas maganda pa sa mga kuwarto ng hotel sa totoo lang. Kaya sabi ko, gawaan ko kayo ng hospital. I will fund it properly but you — do not, you know, mess up with the money. Give me a hospital worth the money that I channeled to your office.

Dito tayo ngayon sa updates ng granular lockdown nationwide, community health, `yung protocol which is being enforced because may sanctions `yan. If you go out walang mask, you can be brought to the police station to be investigated for nothing, `pag mahuli ka nang walang mask.

Ang sinabi ko 'yung mask will stay. There is no way that it will go away hanggang katapusan ng pagka last day ng ano ko. I would want you, maski wala na ako, to continue with the protocols kasi nakakatulong talaga sa ating lahat 'yan.

So I would like to hear more of it from Secretary Año.

DILG SECRETARY EDUARDO AÑO: *[Sec. Año: Please put my slide.]*

Magandang gabi po, Mr. President; Senator Bong Go; fellow public servants; mga kababayan, magandang gabi.

[Next slide, please.]

Mr. President, dito po sa ating nagaganap na pagi-implement ng alert level, karamihan po sa ating areas na under granular lockdown area, for the first time po ang National Capital Region ay wala ng naka-granular lockdown.

Ang tatlo po ay matatagpuan sa Cordillera Administrative Region at ito po ay nasa tatlong munisipalidad at tatlong barangay na nakakaapekto na lamang sa tatlong household at anim na indibidwal.

Kung tuloy-tuloy po ang ating magandang numero, ang ibig sabihin po nito ay ligtas po ang ating mga kababayan. Pero kailangan pa rin po nating magpabakuna lalong-lalo na po `yung mga regions na mababa pa `yung kanilang vaccination rate.

[Next slide, please.]

Dito po sa ating pagi-implement ng minimum public health standard or health protocols, makikita po natin na tuloy-tuloy po ang ating pagpapatupad. At itong nakaraang linggo ay tumaas po ng 5.5 percent ang ating mga nahuling nagva-violate na hindi nagsusuot ng mask sa umaabot po ng 33,952 violators. Pero ito naman po sa pag-conduct ng mass gathering at no physical distancing, makikita po na bumaba na sila. Malaki ang ibinaba sa mass gathering, 81.39 percent; at 18.12 percent naman. Ito po ang mga areas na under Alert Level 2.

[Next slide, please.]

Sa atin naman pong kampanya laban sa illegal drugs, makikita po natin sa nakaraang linggo mula April 3 hanggang April 9 ay nakapagsagawa tayo ng 968 anti-illegal drug operations. Ito po ay pinagsasama-samang mga unit ng

PDEA, PNP, AFP, at NBI. Nakapag-aresto tayo ng 1,305; isa ang nasawi sa naturang operation; at 98 naman po ang personally na nag-surrender.

Sa kabuuan po ay umaabot ng P70,692,478 ang ating nakumpiska sa pinagsamang shabu at marijuana.

[Next slide, please.]

At ito naman po, Mr. President, ay bilang paalala po lamang natin sa nagaganap na election campaign period, nagpalabas po tayo ng mga memo circular or memorandum sa mga LGUs at sa iba pang mga sangay ng ahensiya lalo na under ng DILG.

Ang pinakauna po dito ay ang pagbabawal sa lahat ng kandidato, maging bagong kandidato o kasalukuyang nanunungkulan, na huwag magbibigay ng kahit anong tulong o pabor sa mga tinatawag na communist terrorist group particularly na po ang CPP-NPA-NDF o iba pang organisasyong kaalyado nito.

Susuportahan ng Kagawaran ang pagsasampa ng kaukulang kaso katulad ng pag-violate sa RA 10168 or the Terrorism Financing Prevention and Suppression Act of 2012. Ito rin ay violation sa Section 261 ng Omnibus

Election Code na pupuwedeng mag-disqualify sa ating mga kandidato, at ito rin ay violation ng Article 137 ng RPC or Disloyalty of Public Officers. So tutulong po tayo sa pagsasampa ng kaso at pati na rin sa pag-disqualify ng mga kandidato ang sinumang mapapatunayang magbabayad ng permit-to-campaign or permit-to-win fees sa mga grupong ito.

Sunod po naman ay ang pagbubuo ng Local Governance Transition Team 2022 pagkatapos ng ating eleksiyon. Inilabas na po ng department ang memo na ito noong March 10, 2022 at layunin nito na magkaroon ng grupong magtu-turn over ng mga kinauukulang dokumento, kagamitan, at iba pang mahalagang impormasyon na dapat ay agad mahawakan ng mauupong bagong mga opisyal upang maging madali, agaran, at mabilisan ang transition papunta sa panibagong pamamahala kasunod ng deklarasyon ng resulta ng eleksiyon ngayong darating na Mayo. Gusto po natin ay ang continuity at maiwasan po ang mga mawawalang gamit, resources, o pera ng isang local government unit.

At ang panghuli naman po ay paalala sa ating mga nasasakupan, mga pambansang kapulisan, mga kawani ng DILG, attached agencies katulad ng BFP at BJMP na manatiling non-partisan at limitahan ang kanilang partisipasyon ngayong panahon ng eleksiyon.

Ang probisyong ito na base sa Memo Circular 2019-49 ay nakasasabi na maaaring patawan ng sanctions o parusa ang sinumang mahuhuling lalabag sa probisyon ng memo circular na ito.

Ang atin pong COMELEC ay inaasahan na maglalabas po ng resolution upang mabuo ang Task Force Kontra Bigay at ito pong task force na `to ang siyang tututok para mapigilan po `yung tinatawag na pagbibili ng boto o pagbebenta ng boto sa panahon ng eleksiyon.

Iyan lang po, Mr. President, at maraming salamat po.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you, Secretary Año. Ito muna si Secretary Jalad, mauna na muna ako ha kasi I want to make a report that last Tuesday, April 5, I inaugurated the Binondo-Intramuros Bridge. Nandiyan na, you can use it and it's expected to serve about 30,000 motor vehicles a day.

Then dito naman sa April 6, may bago na tayong pera na P1,000. Polymer `to, banknote. You don't have to be worried about your hands wet with alcohol kasi polymer `to, matibay. It can last longer than the papernotes that we have now. And I convened also `yung ano ng AFP, PNP.

Again, it is my commitment to the nation that the elections will be peaceful and free from violence, intimidation of voters. Huwag ninyong gawin 'yan because I'm still — I would still be here to oversee the elections.

Last April 7, nag-groundbreaking kami sa OFW Center sa Las Piñas, and it's a project of the Global Filipino Movement Foundation designed to be a one-stop shop for assistance to our OFWs. It's located in Las Piñas.

Sana may mga ganitong... It's privately-owned but it would cater to — sa mga ating kuwan. Iyong mga taga-Davao, doon na lang kumpletuhin. I said mayroon namang — bakit pa magpunta ng Maynila? Doon na ang gusto ko.

And those who are operating, iyong employment agency, iyong walang lisensiya, my order is to arrest them at file charges. Iyong nagre-recruit ng iyong mga hindi rehistrado. Ito 'yung mga 'pag kinuha sila ng mga Pilipina o Pilipino, they end up in a very disadvantageous position because it's run by people who are not or only for the money and not for the — iyong to protect sa ating mga kababayan.

Tingnan nga natin kung may clip lalo na 'yung hindi nakakita sa iyong sa bridge.

[plays video]

This time, the floor is given to General Ricardo Jalad sa updates ng Tropical Storm Agaton. Sir, panahon mo.

NDRRMC EXECUTIVE DIRECTOR AND CIVIL DEFENSE

ADMINISTRATOR UNDERSECRETARY RICARDO JALAD: Maayong gabii, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Maayong gabii.

USEC. JALAD: Maayong gabii sa atong SND, Secretary Lorenzana ug uban pang Cabinet secretaries and officials; and kay Senator Bong Go.

Ang ulat ko, Mr. President, ay tungkol sa Tropical Storm Agaton na may international name na Megi.

[Next slide, please.]

Si Agaton ay na-release kaninang alas-7 ng gabi, ito ay nasa vicinity ng Basey, Samar. Mayroong mahinang paggalaw papunta ng northward niya.

May 45 kilometers per hour na bilis ng hangin malapit sa sentro at gustiness na hanggang 60 kilometers per hour.

And mayroong mga lugar ang buong Region VIII ay nasa Signal No. 1; ang southern portion of Masbate; northeastern part ng Cebu; ang Surigao; ang Dinagat Island; and Bucas Grande Islands. So natanggal na ang Surigao del Norte at saka Bohol sa lugar na mga may Signal No. 1. Wala pong lugar na nasa ilalim ng Signal No. 2.

Kung ikukumpara natin sa Bagyong Odette ay mahina ito. Napakahina nitong si Tropical — si Tropical Depression Agaton pero napakalakas ng ulan na dala-dala nito and kanina lang, mga 8:30 to 8:45 ay nagpalabas uli ang PAGASA ng heavy rainfall advisory diyan sa Cebu, Leyte, at Masbate.

[Next slide, please.]

So itong si Tropical Depression ay nakaapekto sa bale sa mga lugar sa walong region. Mayroong na-monitor tayo na 224 areas na nabaha at mayroon ding ibang 25 na related incidents. Ang pinakamatindi na tama nito ay diyan sa Baybay City, Leyte dahil sa pagbaha, mudslide, at saka landslide.

Sa kasalukuyan, Mr. President, ay mayroong ongoing search, rescue, and retrieval na ginagawa ang Philippine National Police at ang Philippine Army, Bureau of Fire, Philippine Coast Guard, at mga response units ng local government units.

Atin ding iniutos sa regional director ng OCD Region VIII na itayo ang Regional Incident Management Team para sa pag-organize ng augmentation ng mga response units lalong-lalo na diyan sa Baybay City, Leyte.

And dito sa ating Operation Center ng National Disaster Risk Reduction Management Council sa Camp Aguinaldo ay nitong gabi ay nagkaroon ng pagpupulong, pinangunahan niyari Usec. Budiongan ng DSWD kasama ang mga ahensiya na mayroong rescue units para tingnan 'yung possibility o requirement na magdagdag tayo ng response units kung hindi kakayanin ng mga response units diyan sa loob ng Region VIII.

[Next slide, please.]

Officially, as of the latest report, Mr. President, ay mayroon lang tatlong patay, isang missing at dalawang injured dahil diyan sa pananalasa ni Tropical Depression Agaton. But mayroong unofficial report na natanggap tayo diyan sa Baybay, Leyte na mayroong 14 na patay, ang miss — limang

missing, diyan sa Barangay Bunga ng Baybay ay may 20 na missing; diyan sa Barangay Mailhi ay mayroong report na mayroong 11 na patay; and tinitingnan din natin itong Barangay Kantagnos, although may isa lang na patay diyan ay base sa unofficial report ay malawak ang area na apektado.

[Next slide, please.]

Mayroong 67 road sections at apat na bridge sections na apektado dahil sa pagbaha. At mayroong 15 lugar na may power interruption pero mayroon na ring restoration ng power sa ilan nito, at mayroong dalawang lugar na mayroong water supply interruption.

[Next slide, please.]

So maliban sa — ito ang ating mga paghahanda na ginawa. Simula pa noong April 5, tayo ay nakipag-ugnayan sa PAGASA sa pag-monitor ng isang weather system na naging low pressure area at ultimately naging Bagyong Agaton na. At mayroon tayong mga pinalabas na napakaraming advisories papunta sa mga local government units at saka regional government agencies, at alert messages sa pamamagitan ng ating mga telcos.

[Next slide, please.]

And itinaas natin ang emergency and preparedness protocol sa pinakamataas na Charlie Protocol sa mga rehiyon na inyong makikita. Diyan sa Cordillera, Region I, Region III, MIMAROPA, Region V, Region VI, VII, VIII, IX, X, and CARAGA dahil ito ang mga — may mga lugar dito na nakikita ang PAGASA or na-assess ang PAGASA na high risk dahil dito kay Bagyong Agaton.

[Next slide, please.]

And — at dito sa NDRRMC Operation Center ay atin nang in-act — na-activate ang mga response clusters. Sila ngayon ay naka-monitoring mode pa lang at paghahanda, at tinitingnan `yung possibility ng — or requirement ng augmentation doon sa lugar na hardest-hit nitong si Bagyong Agaton.

[Next slide, please.]

Ang ating mga local government units, dahil sa advisory ng NDRRMC at PAGASA ay nagsagawa ng preemptive evacuation at nagresponde sa pamamagitan ng pagtulong sa mga apektadong populasyon; at pag-deploy ng search, rescue and retrieval teams; clearing management ng pag-evacuate; at pag-manage ng mga evacuation centers. So a total of 4,528

persons or 1,469 families were preemptively evacuated diyan sa Region VIII at saka Region VII, and CARAGA.

Ang kasalukuyang pagresponde ay ginagampanan ng mga local government units with support ng mga regional government agencies, lalong-lalo na ang ating mga uniformed services, ang PNP, Philippine Army, Bureau of Fire, at saka Philippine Coast Guard.

[Next slide, please.]

So 'yun lang po, Mr. President. Aming tinututukan ang sitwasyon diyan sa Region VIII, lalong-lalo na diyan sa Baybayin, Leyte — Baybay, Leyte dahil sa na — sa advance report na may mga mass casualty diyan at malawakang lugar na naapektuhan ng pagbaha, at saka mudslide, at saka landslide.

PRESIDENT DUTERTE: Malakas ba 'yung bagyo ngayon? Agaton?

USEC. JALAD: Mahina lang, Mr. President, pero napakalakas ng ulan na dulot nito at ilang araw na patuloy na pag-uulan. Iyong ating mga kalupaan ay nagkaroon na ng saturation kaya nagkaroon ng mga landslide.

PRESIDENT DUTERTE: Ano ang immediate — the proximate cause ng ano, drowning?

USEC. JALAD: Landslide ang karamihang cause ng casualty, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Ah landslide. Hindi naman kasi mahina, pero sa narrative mo kanina ang raming patay.

USEC. JALAD: Iyon ang report ng mayor ng Baybay, Leyte sa OCD, Mr. President. Although hindi pa indicated sa situational report na maraming patay dahil sa landslide, at ongoing ang search, rescue and retrieval, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Well, yes, sir.

SEC. AÑO: According, sir, sa report on the ground, nag-landslide po doon sa Barangay Kantagnos ng Baybay, City. Almost malaking area po `yung na-landslide kaya nahirapang pumasok `yung mga equipment ng ating DPWH, Bureau of Fire Protection, pati PNP. Sobrang lambot po nung lupa. Pero nagco-conduct na po ng search and rescue, and retrieval `yung Bureau of Fire, PNP at saka AFP.

PRESIDENT DUTERTE: Sige, okay. Wala ka na? Tapos na?

USEC. JALAD: Iyon lang po, Mr. President, at patuloy nating tinututukan diyan sa Operation Center ang sitwasyon diyan sa Region VIII, lalong-lalo na sa Baybay, Leyte.

PRESIDENT DUTERTE: Now, let's hear Chairman Romando Artes sa MMDA.

MMDA CHAIRMAN ROMANDO ARTES: Magandang gabi po, Mr. President, kay Senator Bong Go, at sa mga Gabinete po na nandito.

Noong nakaraang linggo po, ako po ay nakatanggap ng tawag mula kay Secretary Duque na nagre-request po ng meeting ng Metro Manila mayors para po pag-usapan 'yung booster shot.

Naka-set po 'yan kahapon, Mr. President. But noong Biyernes po, naka-receive muli po ako ng tawag kay Secretary Duque at sinabi niya po na mabuti po ipagpaliban muna 'yung meeting dahil may meeting po ang IATF at maganda po hintayin muna po 'yung resulta ng pagpupulong na 'yun.

Pero pinaabot po ng mga mayors ng NCR, Mr. President, na nakahanda po sila na i-implement kung anuman pong mandato ang ibibigay niyo sa kanya or ng IATF para po regarding po sa booster shots, Mr. President.

Ang akin pong ulat ay tungkol po sa traffic muli, Mr. President. Noon pong two weeks ago, ako po ay nagpresenta sa inyo ng tatlong schemes kung — para po mabawasan po `yung dami ng sasakyan.

Nabanggit niyo po sa isang talumpati niyo, Mr. President, na ang atin pong mga kalsada, kahit magbukas po ng tulay ay talaga pong kulang na kulang sa dami po ng sasakyan. At ang paraan po, ang immediate na paraan po ay ang magbawas ng mga sasakyan sa ating lansangan. Ito po `yung 50 percent po `yung reduction scheme, 40 percent volume reduction, and 20 percent volume reduction.

[Next slide, please.]

Sa amin pong pag-aaral, lalong-lalo na po base sa datos ng Traffic Engineering Center, ang amin pong inirekomenda sa Metro Manila Council ay ang 40 percent traffic volume reduction scheme. Ito po ay ipatutupad 5 to 7 p.m. lamang ng gabi at hindi po kasama ang umaga.

Bale dalawang beses po, Mr. President, maaapektuhan ang bawat sasakyan ng number coding. Ang mga plaka po na nagtatapos sa 1 and 2 ay maco-cover po tuwing Monday and Wednesday; 3 and 4, tuwing Lunes at Huwebes; 5 and 6 tuwing Tuesdays and Thursdays; 7 and 8, tuwing Tuesday and Friday; and 9 and 0 `pag Wednesday and Friday.

Ito po, inuulit ko, Mr. President, ay tuwing alas 5 ng hapon hanggang alas 7 ng gabi lamang. Ito po ay magbabawas ng 40 percent ng mga sasakyan sa ating lansangan, pero pribadong sasakyan lamang po, Mr. President.

Excluded po dito ang mga public utility vehicles tulad ng bus, jeepneys, taxis, at TNVS. At isinama rin po natin sa exemptions, Mr. President, ang mga motorsiklo.

Ito po ay naisumite na natin sa Metro Manila Council for approval, Mr. President, at tina-target po natin itong maging effective either in — depende po sa mapagkakasunduan ng Metro Manila mayors.

[Next slide, please.]

Dito po, Mr. President, ipapakita po natin `yung epekto ng 40 percent traffic volume reduction scheme mula sa present na 20 percent na atin pong ipinatutupad. Sa EDSA po, northbound, from moderate flow under the

present traffic reduction scheme, ito po ay magiging light to moderate flow. Sa EDSA southbound naman po, from moderate to heavy traffic ay magiging moderate flow po ang takbo sa EDSA southbound.

[Next slide, please.]

Sa Quezon Avenue naman po, under the 20 percent reduction na ating ipinatutupad sa ngayon, ito po ay moderate to heavy traffic. Ito po ay inaasahan na maging moderate flow lamang under the 40 percent traffic volume reduction scheme. At sa southbound naman po, from moderate flow, ito po ay magiging light to moderate flow.

[Next slide, please.]

Sa Commonwealth naman po, under the 20 percent is moderate flow sa ngayon. Pero sa 40 percent reduction scheme po natin, ito ay magiging light to moderate flow. At sa southbound po ng Commonwealth, from light traffic ay mas magiging magaan pa po ito.

[Next slide, please.]

Noon pong ring nakaraang linggo, ako rin po ay nag-suggest, Mr. President, na i-adjust ang oras ng trabaho sa mga pamahalaan, ganoon din po sa LGU dito sa Kalakhang Maynila, from 8 to 5 p.m. ay gawin pong 7 to 4 p.m. — 7 a.m. to 4 p.m. workday po.

Tayo po ay nakipag-ugnayan na at sumulat sa Civil Service Commission, kay Chairman Karlo Nograles at kami po ay makikipag-meeting po after Holy Week para mapag-usapan po itong plano or itong aming suhestiyon na gawing 7 a.m. to 4 p.m. po ang workday sa pamahalaan, ganoon din po ang lahat ng transaksyon para po maikalat po natin 'yung mga sasakyan sa iba't ibang oras ng araw.

[Next slide, please.]

Mr. President, ang amin pong feedback na nakukuha, marami po ang nagsasabi na ang number coding scheme ay anti-poor at ang makikinabang lamang daw po nito ay 'yung mayayaman na may pambili ng sasakyan.

Unang-una po, maaaring hindi po mayaman ang may kotse, pero hindi naman po natin sinasabing sila ay mahirap dahil napakamahal po ng sasakyan at napakamahal din po ng gasolina. At ang mahihirap po talaga ay issue nila 'yung sumasakay sa buses, sa jeeps, at 'yung mga gumagamit ng

motorsiklo. At ito po ay nabanggit ko kanina na exempted naman po sa number coding scheme.

Pangalawa po, 'yung mga mayayaman naman po, matagal na pong ini-implement ang number coding. Kung sila po ay bibili ng pang-number coding scheme na sasakyan, ito po ay matagal na nilang binili dahil matagal naman po nang ini-implement itong number coding scheme, nagmo-modify lang po tayo para po mas lalong mabawasan ang sasakyan sa ating lansangan.

Pero ganunpaman, Mr. President, iniklian po natin 'yung oras ng coverage ng number coding scheme sa dalawang oras at dalawang beses kada-linggo para rin po ma-discourage sila at hindi maging praktikal 'yung pagbili po ng bagong sasakyan.

Lastly, Mr. President, sumulat naman po ang MMDA sa LTO para po 'yung bibili ng bagong sasakyan na mayroon na pong existing na sasakyan, ang ma-issue pong plaka or ending plate ng plaka ng bago nilang bibilhing sasakyan ay katulad na rin po ng existing na sasakyan nila.

Kunyari po si Juan bumili ng sasakyan, mayroon na po siyang dating sasakyan na ang ending plate po ay 0, ini-encourage po natin or hihilingin

po natin sa LTO na ang i-issue pong plaka sa bago niyong sasakyan ay zero rin po para hindi po siya makaiwas sa number coding scheme, Mr. President.

[Next slide, please.]

Naglunsad po tayo, Mr. President, ng Oplan Metro Alalay Semana Santa. Nag-deploy po tayo ng 2,975 traffic and emergency personnel na atin pong ipinakalat sa iba't ibang terminals at sa iba't ibang lansangan sa Metro Manila. Inatasan po natin ang mga personnel na ito na bawal pong mag-day-off, bawal pong mag-leave, at bawal pong mag-absent. At nag-install din po tayo ng bawat --- ng mga iba't ibang bus stations at terminals bilang paghahanda sa Semana Santa.

[Next slide, please.]

Bilang paghahandan po dito, Mr. President, tayo po ay nakipag-meeting sa iba't ibang ahensiya, LTO, LTFRB, I-ACT, at HPG para po mapaghandaan 'yung safe and convenient na biyahe ng ating mga kababayan at para po masiguro ang mananakay natin ay makakauwi ng probinsiya at makakasama nila ang kanilang mahal sa buhay ngayon pong Semana Santa.

Iyan lamang po, Mr. President, ang aking ulat at magandang gabi po sa ating lahat.

PRESIDENT DUTERTE: Keep on listening to government station or take it from the mouth of the authorities. Huwag kayong maniwala diyan sa fake news. If you want the truth, try to hear us because we are simply telling the truth. Wala kaming tinatago.

So I don't know. I'll have more — maybe the next "Talk to the People" 'yun. Salamat at mabuhay kayong lahat. *[applause]*

--- END ---